

FOLLOW-UP ADVISORY (Filipino)
Ongoing Immigration Operations and Assistance for Voluntary Deportation

11 July 2018 - **Nais ipaalala ng Embahada ng Pilipinas sa Kuala Lumpur sa mga Pilipinong nasa Malaysia na may kasalukuyang isinasagawang malawakang kampanya ang Malaysian Government laban sa mga illegal immigrant.** Inaasahan na dahil sa nasabing operasyon, na pinaigting noong July 1, magkakaroon ng mas madalas na mga immigration operation sa iba't ibang lugar sa Malaysia.

Mahigpit na ipinatutupad ng Malaysian Government ang mga batas nito ukol sa imigrasyon. Ang mga nahuhuling lumabag ng mga ito (tulad ng illegal na pagpasok sa Malaysia, overstaying, pagtatrabaho ng walang kaukulang dokumento o paggamit ng pekeng visa) ay sumasailalim sa summary proceedings na tumatagal nang 10 hanggang 15 na araw. Kasunod nito, ang Immigration Department ng Malaysia ay nagpapadala ng abiso sa mga kaukulang embahada tungkol sa pag-aresto ng kanilang mga mamamayan. Ang mga napatunayang lumabag sa batas ay maaring mahatulan ng 2 hanggang 6 na buwan na pagkabilanggo. Matapos nito, ang mga nahatulan ay isasailalim sa proseso ng deportation.

May standard procedure na sinusunod ang Embahada sa pagbibigay tulong sa mga Pilipinong napatunayang lumabag sa batas ng imigrasyon ng Malaysia. Kabilang dito ang pag-iisyu ng travel document, kung kinakailangan, para sa mga Pilipinong nahatulan at kabilang sa mga madedeport. Sa pag-isyu ng travel document, nagsasagawa ang Embahada ng internal security vetting procedure at mga personal na interview. Binibigyang prayoridad din sa pag-isyu ng travel document ang mga menor de edad, kababaihan (partikular ang mga buntis), matatanda, at ang mga may kapansanan at nangangailangan ng espesyal na tulong. Ang Embahada ay patuloy ding nakikipag-ugnayan sa mga awtoridad ng Malaysia para siguraduhing maprotektahan ang mga karapatan ng mga Pilipinong apektado ng nasabing kampanya.

Muli, ang Embahada ay pinapaalalahanan ang mga Pilipinong naninirahan sa Malaysia na dalhin ang kanilang mga pasaporte at mga dokumentong legal sa lahat ng oras.

Hinihikayat din ng Embahada ang mga Pilipinong hindi nakakuha ng valid permit sa ilalim ng Rehiring Program na mag-apply sa ilalim ng Voluntary Deportation Program, na nakatakdang matapos sa August 30. Ang mga illegal immigrant na boluntaryong mag-aapply sa programang ito ay maaring mabigyan ng exit pass ng Immigration Department sa pamamagitan nang pagbayad ng RM 400 (RM 300 bilang penalty at RM 100 para sa one-way pass). Hindi na sila sasailalim sa pagkabilanggo o magbabayad ng mataas na compound fee. Sa mga nagnanais na mapabilang sa programang ito, ang Embahada ay handang magbigay ng libreng payo at tulong, kasama ang pag-iisyu ng travel document. Maaaring magpunta sa Embahada at dumulog sa aming ATN Unit. Maaari ding tumawag sa +603 2148 4233 ext 114 o magpadala ng email sa klpe_malaysia@yahoo.com.

Ang advisory na ito ay iniisyu ng Embahada bilang gabay sa mga Pilipinong naninirahan sa Malaysia, at sa kanilang mga kamag-anak at kaibigan, ukol sa kasalukuyang kalagayan sa Malaysia at sa tulong na maaaring maipabot ng Embahada.
END